Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG DISYEMBRE 12, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 301-T2011**

**KAPASIYAHANG BINIBIGYANG-KAPANGYARIHAN ANG KAGALANG-GALANG PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN SA PAGPASOK AT PAGLAGDA SA ISANG KASUNDUAN SA PAGITAN NG NATIONAL FOOD AUTHORITY PARA SA RICE LOAN AGREEMENT.**

**SAPAGKA'T**, may kahilingan ang Kagalang-galang Punong Bayan Domingo G. Panganiban sa National Food Authority na pahintulutang makautang ng bigas para sa pangangailangan ng mamamayan ng bayang ito;

**SAPAGKA'T**, isa sa mga kinakailangan bago mabigyan ng pahintulot na makautang ang pamahalaang bayan ay pumasok sa isang kasunduan (MOA) ang Kgg. Punong Bayan at National Food Authority;

**SAPAGKA'T,** may kahilingan ang Kagalang-galang Punong Bayan sa sangguniang ito na mabigyan siya ng kapahintulutan na pumasok sa rice loan memorandum of agreement sa NFA upang mapahintulutang maka-utang ng bigas ang ating bayan.

**SAPAGKA'T,** napagtalakayan ng bumubuo ng Sangguniang Bayan ang nasabing kahilingan at irekomendang bigyang kapangyarihan ang Punong Bayan na pumasok sa isang kasunduan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Serafin C. San Juan, Jr. at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Bigyang-kapangyarihan ang Kagalang-galang Punong Bayan Domingo G. Panganiban na na katawanin ang pamahalaang bayan sa pagpasok at paglagda sa isang kasunduan sa pagitan ng National Food Authority para sa rice loan agreement.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Pinuno sa Kagaligang Panlipunan at Pagpapaunlad; lahat sa bayang ito, at National Food Authority, Lungsod ng San Pablo, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 12, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan